

FILIPINO 5 - QUARTER 4 - WEEK 1-2 - GRADE 5-VILLANUEVA

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pangunahing paksa ng tulang “Buhay na Kaloob”?
A. Kayamanan ng kalikasan
B. Kahalagahan ng buhay at pangangalaga rito
C. Pakikipagsapalaran ng bata
D. Kasaysayan ng bayan
2. Ano ang ipinahihiwatig ng linyang “Ang buhay ay regalo Niya sa atin”?
A. Ang buhay ay materyal
B. Ang buhay ay biyayang dapat pahalagahan
C. Ang buhay ay madaling palitan
D. Ang buhay ay pag-aari ng tao
3. Ano ang damdaming nangingibabaw sa tula?
A. Galit
B. Takot
C. Pasasalamat
D. Pagmamataas
4. Bakit kinatatakutan ang paring pugot ang ulo sa “Gabi ng Lagim”?
A. Tahimik siya
B. May sandata
C. Pinaniniwalaang pumapatay ng nagbubukas ng pinto
D. Multo lamang
5. Alin ang HINDI katangian ng kuwentong katatakutan?
A. May kababalaghan
B. Nakapagdudulot ng takot
C. May aral
D. Palaging masaya ang wakas
6. Ano ang sanhi sa pangungusap: Dahil mahalaga ang buhay, kaya ito’y dapat ingatan.
A. Kaya ito’y dapat ingatan
B. Mahalaga ang buhay
C. Dapat ingatan
D. Ang buhay
7. Ano ang bunga sa pangungusap: Nagkasakit siya dahil palagi siyang nagpupuyat.
A. Palagi siyang nagpupuyat
B. Dahil palagi siyang nagpupuyat
C. Nagkasakit siya
D. Siya
8. Alin ang tamang pares ng sanhi at bunga?
A. Kumain – nagutom
B. Nag-aral – pumasa
C. Umulan – uminit
D. Natulog – napagod
9. Ano ang denotasyon ng salitang puso?
A. Pagmamahal
B. Damdamin

- C. Bahagi ng katawan
- D. Kabutihan

10. Ano ang konotasyon ng “ginintuang puso”?

- A. May sakit sa puso
- B. Mayaman
- C. Mabait at mapagkalinga
- D. Matigas ang loob

11. Alin ang gumagamit ng konotasyon?

- A. May sugat ang kamay
- B. Mabigat ang bag
- C. Mabigat ang loob
- D. Malaki ang bahay

12. Alin ang pandiwang may pokus kawsatib?

- A. Kumain
- B. Ikinalungkot
- C. Tumakbo
- D. Naglaro

13. Ang pagkain ng tsitsirya ay ikinasakit ng tiyan.
Ano ang pokus ng pandiwa?

- A. Tagaganap
- B. Layon
- C. Ganapan
- D. Sanhi

14. Ano ang pokus ng ganapan?

- A. Gumagawa
- B. Tumatanggap
- C. Pinangyarihan
- D. Layunin

15. Alin ang pandiwang may pokus ganapan?

- A. Pinagluto
- B. Pinuntahan
- C. Kumain
- D. Nagbasa

16. Pinuntahan ng paring pugot ang ulo ang bahay namin.
Ano ang paksa?

- A. Paring pugot
- B. Bahay namin
- C. Pinuntahan
- D. Takot

17. Ano ang layunin ng pagsusuri ng multimedia?

- A. Libangan
- B. Pag-unawa ng mensahe
- C. Pahabain palabas
- D. Baguhin kuwento

18. Alin ang elementong multimedia?

- A. Tula

- B. Kuwento
- C. Bidyo na may tunog at larawan
- D. Sanaysay

19. Alin ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa buhay?

- A. Pagpupuyat
- B. Masustansyang pagkain at ehersisyo
- C. Pagwawalang-bahala
- D. Pag-inom ng alak

20. Paano maipapakita ang paggalang sa magulang?

- A. Pabalang na sagot
- B. Pakikinig at pagsunod
- C. Pagwawalang-bahala
- D. Pagsigaw

II. TAMA O MALI (10 AYTEM)

Panuto: Isulat ang TAMA kung wasto at MALI kung hindi.

- _____ 21. Ang tulang pambata ay tekstong naratibo.
- _____ 22. Ang sanhi ay bunga ng pangyayari.
- _____ 23. Ang konotasyon ay literal na kahulugan.
- _____ 24. Ang pokus kawsatib ay sanhi ng kilos.
- _____ 25. Ang ika- at ikina- ay panlaping kawsatib.
- _____ 26. Ang pokus ganapan ay sumasagot sa tanong na saan.
- _____ 27. Ang kuwentong katatakutan ay walang aral.
- _____ 28. Mahalaga ang pagsusuri ng multimedia.
- _____ 29. Mahalaga ang paggalang sa magulang.
- _____ 30. Ang buhay ay biyayang dapat pangalagaan.